

**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
NEWS AND INFORMATION BUREAU**

**PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
AUGUST 4, 2020 (12:08 P.M.– 1: 30 P.M.)**

SEC. ROQUE: Magandang umaga, Pilipinas. Ito po ang Team Philippines laban sa COVID-19. Ngayong araw, a-cuatro ng Agosto, ang unang araw ng Modified Enhanced Community Quarantine or MECQ sa Metro Manila at sa ilang karatig probinsiya na tatagal ng labinglimang araw. Marami po ang nagtatanong, ano ba ang puwede at hindi puwede. Muli nating balikan ang mga do's and don'ts.

Sa MECQ bawal po lumabas, 100% po ay homeliners tayo kung puwede po. Ang mga exceptions po dito ay kung kinakailangan talagang magtrabaho at may bibilhin na mga pagkain at mga gamot at kinakailangan po magpakita ng quarantine pass or travel pass.

Uulitin natin, wala pa rin pong public transportation sa MECQ. Ang tanging pinapayagang bumiyahе sa pampublikong transportasyon ay ang shuttle services, P-to-P travel services, iyong giving priority sa mga healthcare workers natin. Muli, hinihikayat namin ang mga kumpanya na mag-hire o mag-lease ng mga pampublikong sasakyan kagaya ng mga jeepney, buses at UV express na hindi makakabiyahе ngayong MECQ bilang mga shuttle service. Bibigyan sila ng prayoridad ng LTFRB.

Paalala po, hindi na po kinakailangan mag-apply ng special permit ang mga pampublikong sasakyan na gagamitin ng mga pribadong kumpanya bilang shuttle service habang tayo ay nasa MECQ. Kailangan lamang po ay magpakita ng driver ng certificate, authorization letter o letter of intent mula sa kumpanya na may nakasaad na partikular na ruta bilang patunay na ang pampublikong sasakyan ay ginagamit na shuttle service.

Sa mga pribadong sasakyan puwede po ang company shuttle, personal na sasakyan, bisikleta, motorsiklo at e-scooter.

Isa pong update: Bagama't bawal pa rin po ang back riding, mayroon po tayong isang exception – kapag ang pasahero po ay APOR or Authorized Person Outside of Residence at ang biyahе ay work-related, puwede pong mag-angkas. Pero uulitin ko po, ang back ride ay para lamang sa APORs na papunta po sa biyahе na work-related at hindi naman po niri-

require na mag-asawa kapag APOR ang sakay 'no. Kahit na ang driver ay hindi related sa pasahero, basta APOR po ang sakay pupuwede. Ito po ay naaprubahan kahapon, August 3, matapos pong magpulong ang National Task Force on COVID-19, ang mga alkalde ng Metro Manila.

At panghuli, ang motorsiklo po ay privately owned, hindi po siya motorcycle taxi, hindi for hire at hindi hina-hire during the trip.

Kahapon po hindi namin napakita sa inyo iyong mga sektor o mga industriya na bukas po habang MECQ. Heto na po ngayon ang mga industriyang pinapayagang mag-operate habang tayo po ay nasa MECQ:

Nangunguna po diyan siyempre ang agriculture, forestry and fisheries, manufacturing of essential goods, essential retail, iyong food preparation in so far as take-out and delivery services, bawal po ang dine-in muli, ang water refilling stations, laundry services, public and private hospitals, logistic service providers, delivery and courier services po, water supply and sanitation services and facilities, repair and maintenance of machinery and equipment, telecommunication companies, energy and power companies, gasoline stations, airline and aircraft maintenance, pilots and crew and employees of aviation schools for purpose of pilots' required training, public and private construction projects that are essential, manufacturing companies and supplies of equipment or products necessary to perform construction works such as cement and steel, BPO and export oriented companies, printing presses authorized by the BIR or other appropriate agencies to print official receipts and other accountable forms.

Ang media establishments po, maski wala na pong PCOO accreditation, 50% po iyong other manufacturing kagaya sa beverages, electrical machinery, wood products, furniture, non-metallic products, textiles, tobacco, paper and rubber, mining and quarrying, electronic commerce companies, postal/courier and delivery services for articles.

Ito po, 50% ang real estate activities including parking space leasing companies. Allowed po ang housing service activities such as but not limited to plumbing, roofing and electrical works. 50% po ang office administrative and office support. Allowed po ang veterinary activities. Allowed po ang security and investigation activities. Allowed din siyempre po ang funeral embalming, ang banks, money transfer services, pawnshops, micro finance institutions and other credit cooperatives, ang capital markets.

Ito po, 50% ang other financial services, iyong money exchange, insurance, reinsurance, lending and non-compulsory pension funding. 50% po ang mga legal and accounting. 50% po ang management consultancy activities. 50% po ang architecture, engineering activities, technical and testing analysis. 50% po ang scientific and research development. 50% computer programming. 50% publishing and printing services.

Ang film, music and TV production ay 50% po. Ang rental and leasing activities allowed po siya other than real estate. Allowed din po ang employment activities that involve recruitment and placement for permitted sectors. 50% po ang recruitment and placement activities for overseas employment. 50% po ang other services such as photography services, fashion and ID. 50% po ang wholesale and retail trade of motor vehicles, motorcycles, bikes. 50% po ang repair of motor vehicles, motorcycles and bicycles. Ang dine-in and restaurants, 50% po – delivery and take-out lang po sila. Ang malls and commercial center para po sa non-leisure only, kasama po diyan ang supermarkets, mga bangko at mga botika.

Ito po ang mga ipinagbabawal:

Iyong all other public and private construction projects na hindi po priority, barber shops and salons, all other establishments offering personal care, gyms, fitness studios and sports facilities, testing and tutorial centers, review centers, internet cafés, language, driving, dance, acting and voice schools, entertainment industry kagaya po ng traditional cinemas, theaters at iba pa.

Bawal din po ngayon ang libraries, archives, museums and cultural centers. Bawal din po ang mga tourist destinations. Bawal po ang travel agencies, tour operators, reservation service and related activities. Bawal po ang full body massage, ang tattoo and body piercing at ang mga live events ipinagbabawal po.

COVID-91 update naman po tayo. Mayroon po tayong 38,405 na active cases sa bansa ngayon. Sa active cases naman po, 90.3% po ay mild, 8.2% ay asymptomatic, 0.9% lamang po ang severe at 0.6% lamang po naman ang kritikal. Mataas po ang ating recovery rate dahil mayroon po tayong 65,821 na gumaling na, at mayroon po tayong 2,104 naman po ang binawian ng buhay dahil sa COVID-19. Nakikiramay po kaming muli sa kanilang mga pamilya at mga mahal sa buhay.

Pagdating naman po sa SAP o iyong ayuda, umabot na po sa 9.5 milyong pamilya ang nakatanggap ng second tranche ng SAP, amounting to 61.8 billion as of August 3, 8 P.M.

Kasama po natin ngayon, unang-una, si Mayor Joy Belmonte. Magbalitaan po tayo kay Mayor Joy Belmonte. Mayor, ano po—Okay, hindi pa pala handa si Mayor Belmonte. Ang tatawagin ko naman po ngayon si Secretary of the Department of Agriculture, Secretary Dar.

Secretary Dar, may sapat ba hong pagkain habang ang Metro Manila at ang Bulacan, Laguna, Cavite at Rizal ay naka-MECQ dahil nagpa-panic buying po ang ating mga kababayan? Pakisabi po ano ang ating available food supply dito sa dalawang linggo na MECQ. Secretary Dar, the floor is yours.

SEC. DAR: Secretary Harry, maraming salamat po at good morning po sa ating publiko. Mayroon tayo po base sa ating monitoring and analysis of the food supply situation ay mayroon po tayong sapat na pagkain from rice, mayroon ding vegetables and fruits at saka chickens ay sobrang-sobra po, ganoon din ang fisheries.

Ang ating imu-monitor po ngayon iyong movement ng food supplies, Sec. Harry, para hindi maantala para doon sa galing sa kanayunan, sa mga probinsiya ay sana wala na namang mga problema diyan sa mga checkpoints. Nandiyan palagi naman ang ating mga regional field offices na tumutulong kung may problema na ganiyan, Sec. Harry.

SEC. ROQUE: Yes, Secretary Dar, panawagan po tayong muli sa mga checkpoints. Ano po ang dapat gawin ng mga checkpoints kapag mayroon pong mga cargo trucks na ang dala-dala ay pagkain?

SEC. DAR: Tama po at nananawagan po tayo sa lahat ng mga provincial chief executives at saka municipal mayors kasi mayroon ako ngayon initial feedback diyan sa Benguet ay may mga biyahero na hindi makalusot. So please let us try to help, dapat magtulungan po tayo. Sama-sama po tayo diyan para walang mabulok na mga vegetables na galing Benguet at para makarating po dito sa Metro Manila.

Nandiyan po ang regional field office ng DA sa Baguio City na tutulong po dito po sa movement at [garbled] ang ating mga LGU chief executives ay let's be united in pursuit of having to move these food supplies from the provinces towards the metro areas like Metro Manila.

SEC. ROQUE: Okay. Maraming salamat, Secretary Dar. I'm sure po baka may mga tanong iyong ating kasama sa Malacañang Press Corps, I hope you can join us for the open forum.

SEC. DAR: Opo, opo.

SEC. ROQUE: Kasama rin po natin ang Kalihim ng Department of Science and Technology, wala pong iba kung hindi si Secretary Dela Peña.

SEC. DELA PEÑA: Magandang tanghali sa ating mga tagapakinig.

SEC. ROQUE: Secretary Dela Peña, marami pong nagtatanong, ano na po ang status ng mga clinical trials na ginagawa natin para magkaroon po ng bakuna at gamot dito sa sakit na COVID-19? The floor is yours, Secretary Dela Peña.

SEC. DELA PEÑA: [Unclear] mahahati natin sa tatlong klase. Mayroon tayong mga sinusubukang mga natural products kabilang diyan ang VCO, ang Lagundi at Tawa-Tawa. Iyon pong sa VCO ay iyon lamang sa Sta. Rosa Community Hospital ang ongoing. Hinihintay pa po namin [garbled] iyong sa PGH para sa mga severe cases.

Pero doon po sa ginawa namin, out of 90 targeted participants, tatlumpu pa lang po ang aming nakukuha. Pero doon po sa tatlumpu na iyon ay medyo maganda naman ang indications, kaya lang ay hindi pa kami makapag-conclude kasi hindi pa kumpleto iyong study.

Itong Lagundi, iyan naman po ay gamot sa ubo na aprubado ng FDA. Pero kailangan pala ng FDA approval uli kung ita-trial siya for another ailment or disease. Kaya hinihintay lang namin na mag-go signal ang FDA both in the case of Lagundi and Tawa-Tawa.

Iyong Tawa-Tawa po ay health supplement sa dengue na sabi nila ay nakakapagpataas ng platelet count, ano. Pareho pong mayroong anti-viral properties iyong tatlo na iyan kaya naman inaprubahan natin na subukan ang clinical trials.

Doon naman sa hindi natural products, mayroon tayong ongoing na clinical trials sa Melatonin. Ito ay iprinupose [proposed] naman ng mga doktor sa Manila Doctor's Hospital dahil naobserbahan nila na iyong mga binigyan nila ng Melatonin, ito iyong mga severe cases, ay nagkaroon ng magandang improvement. Kaya inaprubahan din namin ang clinical trials sa Melatonin kasi i-examine naman po ng ethics board nila iyan at inirekumenda i-trial.

Bukod diyan ay ongoing pa ang mga clinical trials under the WHO Solidarity Trials bagama't natapos na po iyong sa Ritonavir at Hydroxychloroquine ay ongoing pa iyong sa Remdesivir at saka sa Interferon. Pero iyon pong sa Ritonavir at Hydroxychloroquine ay ang rekomendasyon ng WHO ay hindi daw po recommended nila. Pero gusto ko pa rin pong

makita ang resulta sa Philippine trials kasi alam naman natin na iyong Hydroxychloroquine na gamot sa Malaria ay medyo affordable at ginagamit din ng ibang mga doktor.

Iyon pong Remdesivir, maganda rin ang indications. At ang aking nabalitaan ay nag-iipon na ng stock ang DOH para sa Remdesivir.

Mayroon pa pong ongoing trial sa Avigan, ito naman po iyong idinonate ng Japanese government at hinihintay din po nating matapos ang mga resulta.

Sa vaccine po, wala naman tayong sariling vaccine development project dahil wala pa tayong facilities. At iyan po naman ay ang ating dalawang track na sinusundan ay iyong pagsama din natin sa WHO Solidarity Trials on vaccines, at nag-nominate na po tayo ng isang Filipino expert, si Dr. Nina Gloriani na dating Dean ng UP College of Public Health para makasama siya doon sa experts na mamimili kung alin ang susubukan sa WHO Solidarity Trials.

At ganoon din po, siguro naman ay naibalita na rin na tayo ay nag-commit na na sumama doon sa COVAX facility na kung saan iyon pong magiging available na vaccines ay nag-reserve tayo ng three percent corresponding to three percent ng ating population or three million vaccines para sigurado tayong mayroon agad kapag iyan ay naging available.

Mayroon din tayong ongoing negotiations sa limang institutions na pinayagan ang aming sub-TWG ng IATF na makipag-negotiate – tatlo sa China, dalawa sa Taiwan at very ahead po sila in terms of clinical trials. And some of them, tapos na iyong clinical trials phase 3 kaya kung matutuloy iyong ating collaboration ay magki-clinical trials din dito pero for the purpose of meeting FDA requirements. At mayroon pa rin po, hindi rin natin ini-eliminate iyong possibility doon sa iba nating bilateral partners katulad ng Russia na mayroon din silang advance na development.

Bukod diyan, kapag mayroon pong lumabas na bagong mga bakuna na available na earlier than what our clinical trials are expecting, puwede naman pong mag-procure ang ating private sector at ang gobyerno kung may lalabas na bago basta siya ay dadaan sa FDA.

So iyan po ang mga alternatives, pero kung ang pag-uusapan ay iyong aming WHO Solidarity Trials at saka iyong bilateral agreements natin dito sa limang pinayagan, dito po siguro ay kung iestimate [estimate] natin iyong pagdadaanang proseso ay baka abutin pa tayo ng middle of 2021. Pero kung iyon pong ibang mga nag-indicate na mas advanced sila, halimbawa, may indication na ang Russia ay mayroong advanced na nagawa, baka po iyan ay maging available mas maaga pa para sa atin. Ang gobyerno naman po, through the DOH, ay

nag-aaral na kung papaano ang gagawing procurement at saka kung papaano ia-allocate ang vaccines that will come from the government sector. Siyempre ang mga private sector, kapag available na, puwede namang bumili for themselves. Kaya iyon pong iba naming mga ginagawa ay may kinalaman sa mga devices. Kaya ang ongoing namin na projects na hinihintay lang namin na ma-test na muna ay iyong mga ginagamit na ventilators para sa ICU.

Tatlo po iyong project namin na sinusuportahan. Actually, apat kung i-include iyong dati pang project sa UP-PGH. At mayroon din kaming sinusuportahan na iba pang telemedicine devices katulad noong aming RxBox for telemetry at saka iyong Robot LISA sa UST na tutulong naman sa pag-assist sa mga pagdi-deliver ng mga items like meals and gamot sa pasyente to reduce the contact between patient and health worker. Marami po kaming puwedeng i-report, pero ito ay iyong mga nagawa namin ng buong isang taon sa DOST. Iyong iba po ay hindi naman tungkol sa COVID-19.

SEC. ROQUE: Okay. Maraming salamat, Sec. Dela Peña. I hope you can join us also for the open forum. Ngayon naman po, pumunta tayo kay Mayor Joy Belmonte, Mayor ng Siyudad ng Quezon. Mayor, ang una kong tanong: Kasama ho ba kayo doon sa meeting kagabi ng NTF at ng mga Metro Manila mayors? At kung kasama po kayo, ano po ang napagkasunduan kagabi?

MAYOR BELMONTE: Yes, Secretary Harry, kasama po ako sa meeting ng mga Metro Manila mayors, kasama po ang ilan sa mga miyembro ng National Task Force ng IATF. At ito naman ay isang informal lang na pagpupulong na kung saan ay nagtatnaong lang naman ang ating mga opisyaes kung ano pa ang puwede nilang maitulong sa aming mga mayor at ito rin po ay pagkakataon para maklaro din po namin sa kanila kung ano pa po ba iyong mga karagdagang guidelines sa MECQ na ninanais nilang ipatupad po namin sa aming iba't ibang mga lungsod.

So, iba-iba po ang naging paksa ng amin pong pagpupulong at natutunan din po namin ang iba't ibang mga panuntunan patungkol sa mga issues katulad ng lockdown, katulad po ng quarantine, isolation, recovery, identification of patients at marami pa pong iba.

SEC. ROQUE: Mayor, ngayong tayo po ay naka-MECQ, itutuloy pa po ba ng Quezon City iyong kanilang hard lockdown sa ilang mga barangay? At habang naka-hard lockdown ang mga barangay na ito, ano iyong mga hakbang na gagawin natin pagdating po sa testing, tracing and treatment?

MAYOR BELMONTE: Secretary, tuluy-tuloy pa rin po ang atin pong mga hard lockdowns dito sa Lungsod Quezon na tinatawag naming special-concern lockdowns. Since we started po last May, nagkaroon na po tayo ng 37 lockdown areas. Ngayon po, we are down to 11 lockdown areas. Ang mga lockdown areas po ay mga maliliit lang naman na mga lugar sa iba't ibang mga barangay natin, katulad ng mga kalsada, mga maliliit na komunidad, mga purok, mga iskinita, may mga 20 families lang. Ang pinakamalaki ngayon ay 160 families.

At ang ginagawa po natin ay pinagmamasdan po natin kung mayroong community transmission. Kung may community transmission po dito, meaning nagkahawa-hawaan na sila, nang dahil siguro sa pagpapabaya o kaya sa pagkukulang sa pag-obserba ng minimum health standards ay nila-lockdown na po natin para hindi na po sila makahawa pa ng iba.

Habang sila po ay naka-lockdown ay lahat po ng mga miyembro na nandoon, ng atin pong komunidad, ay atin pong sina-subject sa PCR testing. At ang pinakahuli po na ni-lockdown po natin ay ang Sitio Ambuklao, sa Barangay Baesa, kung saan mayroon pong 160 pamilya, comprising 500 people at agad-agad din po tayong nagsimula ng PCR testing and this is courtesy po of, of course, the National Task Force under Secretary Vince Dizon and the Philippine Red Cross. At lahat po sila balak po namin matapos ang testing by Wednesday or Thursday at kapag lumabas na po iyong test results, hopefully pagkatapos po ng 14 days, magaling na po sila at puwede na pong i-lift ang lockdown na masasabi po nating napagaling na po natin ang komunidad po na ito.

Ngayon po after 14 days, Secretary Harry, kung mayroon pang pailan-ilan na hindi pa gumagaling - imbes na ipagpatuloy ang lockdown dahil magastos din po sa pagkain - ay itong mga pailan-ilan na positive ay dinadala na lang po natin sa atin pong isolation facility. Sa kasalukuyan po Quezon City has three isolation facilities with 500 beds, at pagkalipas po ng dalawang linggo ay madadagdagan din po ito ng ilang daan pa na isolation beds at doon na sila gagaling. Pagkatapos naman po ng 14 days, Secretary, at marami-rami pa rin po ang nagpa-positive, we will extend the lockdown for another 7 to 14 days.

Pero ang mahalaga ko pong gustong banggitin, kailangan po ang minimum ng lockdown ay 14 days dahil iyan po ang duration ng virus at hindi po namin nili-lift ito kung hindi po ito nagpapakita ng senyales ng paggaling. Kaya tingin ko, sa lahat po ng mga istrategiya ng Lungsod Quezon, ito po ay isa sa mga pinagmamalaki natin because so far, out of all the lockdown areas, we have been very successful in all of them.

SEC. ROQUE: Last question na lang, Mayor Joy. Hindi po kasi talaga expected na mag i-MECQ tayo ngayon, ang tanong ng marami tungkol sa ayuda sa Quezon City, magbibigay ba ho ng ayuda ang local na pamahalaan dahil tayo po ay nasa MECQ?

MAYOR BELMONTE: Well, ang ayuda po ay isang bagay na gusto ko po talagang maibigay, ngunit at the moment ay hinahanapan pa po natin ng budget kung saan po tayo puwedeng makakuha ng pantulong pa na karagdagan. Pero ang puwede ko pong i-assure, mayroon po tayong tinatawag na SAP-QC. Ito po ay parang complementary doon sa SAP-DSWD. Dahil nakita po natin na iyong DSWD SAP hindi po siya kasya sa lahat ng mamamayan o pamilya ng Lungsod Quezon, kaya pinaghandaan po ng Lungsod Quezon na magdagdag ng pondo para punuan ang pagkukulang ng DSWD.

So, ito pong pondong ito ay available pa at ready for distribution, pinagpasyahan lang po ng ating mga kapitan na unahin po muna iyong DSWD second tranche. Pero kung hindi naman po agad-agad maibaba iyong second tranche ng DSWD, itong SAP-QC po ay puwede na naming ipamigay.

Ang pinaka-challenge lang po, Secretary Roque, dahil cash aid po ito ay ang pagbabawal po ngayon ng mass gathering. So pinag-iisipan pa po namin, sir, kung paano namin ipapaabot sa atin pong mga mamamayan itong cash aid na ito given na hindi po natin sila puwedeng ipatawag. At napakahirap naman kung bahay-bahay po natin ito gagawin dahil kasama pa iyong tresurero, eh iilan lang naman ang tresurero na mayroon sa ating Lungsod. Dahil ito nga ay pondo ng bayan, hindi naman pupuwedeng ibigay kahit kani-kanino lang; kailangang we have to be accountable for this. So ito ang pinaka-ayuda, cash aid na P4,000 sa QC na puwede na sana nating ibigay kung makaisip pa po tayo ng paraan para hindi naman natin ma-violate iyong protocol against mass gathering po.

SEC. ROQUE: Thank you very much, Mayor Joy Belmonte. We are broadcasting today from your city po, dito sa Wil Tower habang naka-isolation po ang mga RTVM personnel sa Malacañang. So, we are happy to be in your City today.

MAYOR BELMONTE: Maraming, marami pong salamat, Secretary Harry Roque, isang mamamayan ng Lungsod Quezon and I thank you for your support for us here.

SEC. ROQUE: Yes, I hope you can join us po for our open forum.

Now, first question po Joyce Balancio of DZMM and finally we can see our reporters joining us via Skype—via vMix pala.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Si Quezon City Task Force Disiplina Head Rannie Ludovica has been receiving criticisms for posting in his Facebook account, “Mula bukas shoot to kill na ang mga lalabag sa MECQ”. While it was explained by DILG that it’s a personal post and it’s

not a policy of DILG and the Quezon City government, is Palace not concerned that our LGU officials are making such post that can cause alarm, public alarm and confusion and you know it can create an impression of a policy that disregards human rights and tolerates abuse of power? What can you say to this, Secretary, and ano po ang paalala natin sa LGU officials?

SEC. ROQUE: Siguro po si Mayor Joy Belmonte muna po. Mayor, any reaction?

MAYOR BELMONTE: Opo. Ang pahayag po ng pinuno ng Task Force Disiplina na si Konsehal Rannie Ludovica ay amin pong kinokondena. Ito po ay mali, it is inappropriate, it is irresponsible. At gusto ko lang pong bigyan-diin na ito po ay ipinost niya sa kaniyang Facebook account na personal at hindi po ito sumasalamin sa mga polisiya, sa mga prinsipyo ng pamahalaan ng Lungsod Quezon.

Sa katunayan nga, Quezon City is considered one of the human rights capitals of this country, we are the host of the Human Rights Commission. But having said that, siguro gusto ko ring gamitin ang pagkakataon na ito, kasi nakausap ko po siya at gusto ko rin lang magpaliwanag ng panig niya. Hindi ko sinasabing tama pero para maunawaan lang kung bakit po niya nai-post iyan.

Alam po ninyo, madalas sinasabi ng mga tao ang frontliners ay mga nurse lang o mga doctor; pero actually lahat po ng nasa enforcement, mga pulis, tayong nagtatrabaho sa pagbibigay ng ayuda, ang barangay, lahat naman po tayo ay frontliners. At sa Task Force Disiplina ang kanila pong trabaho ay siguraduhing mag-comply sa minimum health standards ang ating mga mamamayan.

Binanggit po ni Mr. Ludovica sa akin na ang kaniyang pahayag, ang kaniyang post ay nagmula sa kaniyang frustration. Frustrated po siya sapagkat limang buwan na po tayong nagpapaalala sa mga tao na magsuot ng mask, huwag lumabas ng mga tahanan kung hindi naman po kinakailangan, huwag mag-basketball, huwag magtoma o magtagay, huwag mag-karaoke.

Pero pagkatapos ng limang buwan ay napagmamasdan pa rin natin ito at tingin niya iyan ay naging dahilan kung bakit tumaas ang mga bilang natin at naging dahilan din kung bakit napilitan po ang ating pamahalaan na ibalik po sa MECQ.

At para sa kaniya, ang pagbalik kasi sa MECQ bagamat nakakatulong talaga sa ating mga nurses and doctors ay magiging pahirap naman sa sa ating daily wage earners na

mawawalan ngayon ng kikitain at maaapektuhan ang kanilang livelihood. So, what he did, his post while irresponsible, while wrong and while a wrong way to express his frustration was nothing more than an expression of frustration.

Wala naman pong katotohanan sa kaniyang pinost. Wala po siyang masamang intensyon pero aminado po siya na while his feelings might be valid ang kaniya pong paraan para ipalabas ang kaniyang damdamin ay mali. At siya po ay humingi ng kapatawaran kaagad sa amin dito sa Lungsod kasi ang Rappler noong ini-report nila ito, ipinalabas nila na ito ay polisiya ng Lungsod Quezon.

Hindi po ito polisiya ng Lungsod Quezon at binawi na po niya ang post at nangako na po siya na hindi na po uulitin ang kaniyang ginawa.

So, sana po ngayong panahon, normally I would be very, very strict about these things, pero nauunawaan ko rin siya kung saan siya nanggagaling bilang enforcer na nakikita ang kaniyang hardwork ay minsa'y hindi naman nagbubunga ng mga ginugusto natin.

But again, I condemn what he said and again, I repeat whatever was posted is personal and has absolutely no relationship whatever with the policies, principles, programs of the City Government.

SEC. ROQUE: Joyce, sa panig po ng Malacañang, we can only adopt and thank Quezon City Mayor Joy Belmonte for her stand on this issue.

Pakiusap po natin sa ating taumbayan, tama po naman, limang buwan na tayong naka-lockdown. Alam naman po natin kung paano mapapabagal ang pagkalat ng sakit. Ngayon pong MECQ, homeliners tayong lahat, wash your hands, wear your mask and observe social distancing.

Your next question, Joyce?

JOYCE BALANCIO/DZMM: Sir, are we considering extending ito pong MECQ for another two weeks after po noong sinet na deadline po ni Pangulong Duterte because ayon po kay Prof. Guido David from the University of the Philippines, there should be at least a month long MECQ for us to see the flattening of the curve given nga po iyong example niya na sa Cebu, one month po ang itinagal bago po nakakita ng flattening of the curve?

Although USec. Vergeire already said that these two weeks MECQ is not really to flatten the curve but to give our health workers a breather. Puwede po ba nating, kumbaga, take this opportunity and extend na rin iyong panahon so that we can see flattening of the curve?

SEC. ROQUE: Dalawang bagay po ang ating nais makamit dahil tayo po ay nag-MECQ. Unang-una na nga, para pagbigyan iyong kahilingan ng ating frontliners na timeout; at pangalawa, para po mag-regroup at magpaigting pa ang ating istrategiya laban sa COVID-19.

Tatapatin ko po kayo, hindi na po kaya ng ekonomiya ang mas matagalan pang lockdown. Lalabas ngayon ang pigura ng second quarter GDP growth natin, napakatindi po ng ibinaba ng ating ekonomiya. Kaya nga po ang aming mensahe sa ating tuambayan, kinakailangan po ingatan ang ating kalusugan para po tayo ay makapaghanapbuhay.

Mahirap na mahirap na po ang mangyayari sa ating ekonomiya kung maglo-lockdown na po tayo muli. Nandoon na po tayo sa punto na marami po ang—siguro nga po mapapabagal nang husto ang COVID-19, pero habang wala pong hanapbuhay eh paano naman po mabubuhay ang mga ordinaryong mga mamamayan.

Ang problema po ngayon sa dalawang linggo na lockdown, saan po makakakuha ng ayuda dahil nga po wala ng batas na naipasa ang Kongreso. Sana po maihabol iyan sa Bayanihan II, pero hindi po ganoon kadali ang desisyon na mag-lockdown. Ang nais lang po natin ngayon talaga, ingatan po natin ang ating kalusugan para po tayong lahat ay makapaghanapbuhay.

Sabi po ng WHO, tatagal pa po ang problema ng COVID-19. At dahil tatagal nga po ito, kinakailangan matuto tayo na mabuhay nang naririyang ang COVID-19, ipagpatuloy ang ating mga hanapbuhay and, at the same time, pinag-iingatan ang ating kalusugan.

Your last question please, Joyce.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Opo, last na lang po from me. According to Dr. Antonio Dans, ang spokesperson ng the Healthcare Professions Alliance against COVID-19, the widespread use of rapid tests could have caused the rise of COVID-19 infections. Given this, sir, gagamitin pa rin po ba natin ang rapid test? Should we stop using rapid test and instead gamitin na lang po ang RT-PCR kasi baka po mas hindi ito nakakatulong sa pag-detect natin ng COVID cases?

SEC. ROQUE: Sa mula't mula po si Dr. Antonio Dans ay tutol po sa rapid test kits. Pero uulitin ko lang po ang sinabi ng Presidente, marami po tayong hindi alam dito sa sakit na ito at ang rapid test naman ay mayroon po siyang silbi. Hindi po talaga siya ginagamit para malaman

kung sino ang may sakit, ginagamit lang po siya para malaman kung sino iyong mayroon ng antibodies na posibilidad na nagkasakit na nang sa ganoon ay makabalik sa kanilang mga trabaho. At ang rapid test po bagamat ginamit po natin iyan, it is always subject to PCR tests.

Now, ang sinabi po ng Presidente ang gold standard pa rin para sa COVID-19 testing ay ang PCR test. Pero sa Malacañang po, walang pupuwedeng makipagkita kay Presidente nang walang resulta ng PCR test at hindi po magpapa-rapid test kit din po. So, sa akin po, gold standard ang PCR pero mayroon din po tayong gamit para sa rapid testing kits.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Thank you, Secretary.

SEC. ROQUE: Let's go to USec. Rocky now.

USEC. IGNACIO: Good afternoon. Secretary, may dalawang tanong po para kay Sec. De La Peña. Ang una pong tanong ni Tina Mendez ng Philippine Star: Paki-discuss daw po paano ang access sa vaccine ng Pilipinas sa COVAX facility at magkano ang proposed amount allocated para sa COVAX under the 2021 budget?

SEC. DE LA PEÑA: Well, noong ipinaalam po sa amin ng COVAX na kailangang mag-commit at a minimum of 3% of the equivalent of our population, iyan po ay iniakyat namin sa IATF for decision at ang decision ay mag-commit ang Pilipinas ng 3%.

Pero actually po ay puwedeng bumili through the COVAX up to 20% of the population. Ang hindi lang po tayo sigurado pa eh kung ang bakuna baga ay isang beses lang ibibigay o baka kailangan dalawa, kasi marami sa mga bakuna sa mga diseases ay kailangan two doses ang ibigay.

Iyon pong isang dose ay ang estimate ay \$10 isang bakuna, so, kung iko-convert mo sa pesos iyan ay around P500. Kaya po noong nagdiskusyon sa IATF at in-okay-yan naman ng DBM ang subscriptions sa three million or if you will multiply it by P50 per vaccine ay 1.5 billion.

So, iyon ang siniguro na during that meeting ng IATF pero kung gugustuhin naman po na mag-commit pa ng mas malaking porsiyento up to 20% pero iyon po ay parang ano na iyon ... kapag lumabas na iyong bakuna.

Ang sabi ni Secretary Duque, ang estimate nila para magkaroon ng tinatawag na herd immunity yata ang tawag nila doon, ay at least siguro 60% of our population ay

mabakunahan. Pero ang sinabi din doon ay ang sisiguruhin lang na iso-shoulder ng gobyerno ay iyong para sa people below the poverty level, oo. All the rest, hindi pa natin alam kung papaano ang sistema, kung may subsidy ba ang gobyerno o kung kaniya-kaniyang bili na lang.

Pero in other words, diyan ay magkakaroon din ng role ang pagbili sa ibang suppliers outside of the COVAX Facility. Kung ang mairi-reserve lang natin ay 20% of the population, siyempre iyong iba manggagaling sa ibang source. Pero inuulit ko po, kami po sa DOST na naghe-head noong sub-TWG on vaccines, ang aming role talaga ay ayusin iyong pagko-collaborate para sa clinical trials. Iyon pong pag-order ng bakuna ay hindi namin sakop.

USEC. IGNACIO: Opo. Question pa rin po para sa inyo, Secretary de la Peña. Tanong po ni Julie Aurelio ng Inquirer: How will COVAX Facility work for the Philippines? Better off countries will partner with other countries for the equitable access of COVID-19 vaccines. Will the Philippines be a benefactor or a recipient of that, to be subsidized by richer nations?

DOST SEC. DE LA PEÑA: Hindi ko po alam iyong tungkol sa subsidy. Basta ang sinabi sa akin, kung gusto ninyong sumali sa COVAX Facility dapat ay mag-commit kayo ng order equivalent to 3% of your population. Kaya kung ang estimate natin ay 100 million, 3 million ang minimum na commitment at ang estimate nga na nakukuha noong ating mga experts ay 10 dollars per facility. Sa paniniwala ko po ay hindi subsidized iyon ng ibang bansa.

USEC. IGNACIO: Salamat po, Secretary de la Peña.

SEC. ROQUE: Yes. Any further questions, Usec. Rocky?

USEC. IGNACIO: May tatlong tanong po si Sam Medenilla for Secretary Roque: Ano daw po ang magiging impact ng pag-place ulit ng NCR and nearby provinces nito under MECQ sa target ng government to achieve a V-shape recoveries sa third quarter? Does Malacañang think this could prolong the expected recession sa second quarter?

SEC. ROQUE: Well, itong projection po, iyong GDP growth or decline natin, ilalabas po iyan ng economic cluster natin this Thursday. Pero siyempre po maski hindi pa natin nakikita, alam natin matindi po ang pagbagsak dahil alam po natin noong second quarter naka-lockdown ang ating ekonomiya.

Now, magsisinungaling po ako kung sinasabi ko na hindi magkakaroon ng negative impact itong dalawang linggong ito, dahil 67% po of our GDP is from Metro Manila and Region IV-A

kasama na po ang Cavite, ang Rizal, ang Laguna na ngayon po ay naka-lockdown din 'no. Ang inaasahan na lang po natin dahil 2 weeks lang naman at hinihingi naman ng frontliners ay kaunting time-out lang naman, hindi masyadong makakaapekto itong 2 weeks na MECQ.

Bagama't sasabihin ko na po, hindi pa lumalabas ang GDP pero matindi po ang pagbasak ng ating ekonomiya noong second quarter at hindi naman natin makakaila iyan dahil talagang sinarado natin ang ekonomiya.

Muli po ang ating mensahe sa lahat, ingatan po natin ang ating buhay para sa hanapbuhay.

USEC. IGNACIO: Ang second question po ni Sam Medenilla: Are the government economic managers willing to increase the initial 140 billion target stimulus package under sa Bayanihan II dahil sa 15-day MECQ in NCR?

SEC. ROQUE: Well ngayon po, ang napasa po na bersiyon ng Senado ay 140 billion po iyong ating pump-priming ng ating economy pero ito naman po ay sa kasalukuyan at mayroon pa tayong isasabatas na national budget na mayroon din po tayong pump-priming na gagawin doon sa national budget na iyon 'no.

Ang inaasahan po natin kahit papaano, dahil hindi pa po tapos ang Mababang Kapulungan eh makakapaglaan po sana ng kahit anong halaga para sa ayuda dito sa Metro Manila at ilang probinsiya ng Region IV-A at ng Bulacan.

USEC. IGNACIO: Last and third question po from Sam: May initial resulta na daw po ba iyong probe ng Palace sa PhilHealth?

SEC. ROQUE: Wala pa po. Iyan po ay quietly being conducted by Usec. Quitain bagama't as we speak nag-iimbestiga rin po ang Senado. So kampante naman po kami na sa sabay na imbestigasyon ng ating Usec. Quitain ng Presidential Management Staff at ng Special Office of the Presidential Assistant at ang Senado, lalabas at lalabas po ang katotohanan.

Ang ating susunod na magtatanong si Triciah Terada CNN Philippines. Good to see you again, Trish.

TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES: Hi! Good afternoon, Secretary. Good to see you, sir. Sir, nabanggit po kahapon na dahil nga po dito sa MECQ, ang plano po is to recalibrate and reconstitute strategies. Sir, so far po ano po iyong mga na-identify na ng IATF na key areas for improvement that are urgently needed po?

SEC. ROQUE: Well, unang-una po ‘no, tracing. Ina-adopt po natin iyong formula ni Mayor Magalong na for every positive case, dapat ang tracer natin ay makapag-contact tracing sa 30 to 37 close contacts. At kinakailangan lahat po iyong 30 to 37 close contacts ng isang nagpositibo ay i-subject po to PCR test kasi sila naman po ay most likely na nahawa ‘no, at sa dati pang protocol ng DOH ay kapag ikaw ay nagkaroon ng close contact sa isang COVID positive, dapat talagang ikaw ay magpa-test at sagot ng PhilHealth ang iyong test.

Now, pagdating po sa testing, makikita ninyo na iyong pinapaigting na testing natin will have to go hand-in-hand with the tracing capacity. Dati kasi, mayroon tayong mga indibidwal na sina-subject to free testing, tuloy pa rin po iyon kasama iyong mga iba’t iba pang frontliners, hindi lang medical frontliners, iyong mga taxi drivers, mga security guards at mga saleslady. Pero ang mas malaki pong madadagdag ngayon ay iyong mga tao na nagkaroon ng close contact. Malalaman natin kung sino sila sa pamamagitan po ng ating tracing na sinusunod natin ngayon, ang protocol ni Mayor Magalong.

Siguro po sa susunod—ah, nakipag-ugnayan po kami kay Mayor Magalong actually noong Sabado at mayroon po kaming kinuhang mga footages kung paano nila talaga ginagawa ang tracing sa Baguio. Ipapakita po natin iyan sa susunod nating press briefing. At bukod pa po diyan ay iyon nga po ‘no, pinaghahandaan din natin iyong tinatawag na pooled testing kung saan ang isang test kit ay magagamit hindi lang sa isang indibidwal kung hindi sa mas marami pang indibidwal.

Ang huli kong narinig sa Project ARK, sisimulan po nila ang pooled testing pilot involving 5 individuals per test kit ‘no kasi tumataas nga po iyong incidence ng COVID-19 lalung-lalo na dito sa Metro Manila.

So—at siyempre po, nagpapagawa po tayo ng mas maraming isolation centers. Kinukuha na po natin ang mga available hotels rooms habang wala pa naman po tayong turismo. Ngayon po may 2,000 rooms na tayo at hindi po tayo mag-aatubili na ubusin lahat ng hotel rooms sa Metro Manila kung kinakailangan dahil alam natin na kapag tayo ay nagpaigting ng tracing, dapat talaga ma-isolate iyong mga positives kung sila ay mild at asymptomatic.

At kahapon sinabi rin ni Dr. Vega na dadagdagan natin po iyong ating mga ICU bed capacity ‘no. Mayroon na po tayong mga 250 additional ICU bed capacity na malapit na pong matapos diyan sa East Avenue Memorial Center. Mayroon pa tayong karagdagang mga ICU beds na idadagdag dito po sa Quirino Memorial Hospital sa Quirino at saka sa—may isa pang ospital. Pero makikipag-ugnayan din po tayo sa PGH kung gaano karaming ICU beds ang pupuwede nilang idagdag ‘no kung iku-convert nila iyong ilang mga wards nila.

So sa lahat po, sa testing, tracing, treatment and isolation, pinaigting po natin ang ating mga hakbang na gagawin at pagsasamantalahan po natin habang sarado po ang Metro Manila at mga karatig na probinsiya para paigtingin itong mga bagay-bagay na ito.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Secretary, iyong health workers po ay nag-respond doon po sa remarks ni Pangulong Duterte daring them to stage a revolution. They clarified—actually, even before naman po naglabas ng pahayag si Pangulo, nilinaw na rin po nila na hindi po sila nananawagan ng rebolusyon and all they wanted is help. They said that they previously wrote requests, letters, but three months after po, they were left unanswered by the IATF and DOH. Kung alam daw po nila na hindi po ito nakarating sa Pangulo or hindi po na-brief si Pangulo tungkol dito, they would have sought a private audience. Nakarating na po ba, Secretary, itong paglilinaw na ito ng mga medical professionals sa Pangulo?

And at the same time, sir, is it a cause of concern for Malacañang na iyong mga tao na supposedly alam iyong concerns ng mga health workers on the ground do not seem to know the reality in the field, sir?

SEC. ROQUE: Well, I will stress po ‘no because I’m part of the Office of the President, wala pong liham na nakarating bukod po doon sa liham na binasa nila ng alas diez ng umaga noong isang araw na nakarating po kay Presidente ng alas kuwatro ng hapon.

So wala pong ibang liham na nakarating kay Presidente. Sa halos isang taon at limang buwan naman po akong Spokesperson, marami na pong mga isyu na sumulat lang sila sa Presidente, minsan pinadadaan sa akin, nagkakaroon po kaagad ng resulta. Doon lang po nagtataka talaga ang Presidente bakit kung pinarating na nila, direktso na kay Presidente, siguro hindi na sila kinakailangang magkaroon ng isang media event para iparating sa kaniya ‘no.

Pero sinabi rin po sa akin ng DOH, okay, na mayroon silang natanggap na liham tungkol po sa quarantine facilities, insurance coverage, stigma and protection. At ang mga hakbang na ginawa po ng DOH bilang kasagutan dito sa mga liham ng PCP, Philippine—ewan ko po anong ibig sabihin ng PCP - Philippine College of Physician ‘no.

Unang-una, nagkaroon po sila ng Department Memo #2020, Interim Guidelines for the Provision of Transport Vehicles to Health Workers; pangalawa, nagkaroon po sila ng Department Memo #2020 0162, Interim Guidelines on the Accommodation Arrangements for Health Workers; at saka Department Memo Circular #2020 0180, Interim Guidelines on

Expanding Testing for COVID-19 na sinasakop na po ang mga health workers sa libheng PCR testing.

Now, as to the issue of stigma and protecting health workers, ang response po nila ay tumawag po sila ng—well, nag-address po sila ng mensahe sa publiko na kinakailangan magpakita po ng compassion sa ating mga healthcare workers na mga bagong bayani, dahil ito po iyong nirereklamo ng ating mga healthcare workers na sila pa ngayon ang nagiging biktima sa discrimination at stigma.

Uulitin ko po: bukas po ang Tanggapan ng Presidente, kung gusto ninyo po ay ipadaan ninyo sa akin para sigurado ko pong maiabot mismo kay Presidente ang inyong mga liham. Its applicable po sa lahat ng sectors ng ating lipunan – bukas po ang pintuan ng aming tanggapan sa Malacañang sa inyong mga reklamo at mga heeding.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Salamat po, Secretary.

SEC. ROQUE: Yes. Thank you, Trish; back again to Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Tanong po mula kay Kris Jose ng Remate/Remate Online. May sinabi po si Pangulong Duterte sa kaniyang public address na wala na pong pera ang Pilipinas para pambili ng pagkain at financial assistance para sa mga mahihirap. Sa tingin ninyo po, ito na ang panahon at pagkakataon para ituloy na po ng Pangulo ang sinasabi niyang pagbebenta ng government assets?

SEC. ROQUE: Well, ang pangako naman ng Presidente, maski ubos na ang ating budget, kaya naman na, unang-una, gamitin natin iyong mga salapi na mauutang natin. Iyan naman po ang kabutihan na napakaganda ng ating credit rating – madali tayong makautang na mas maliit ang interes.

At pangalawa, kung hindi pa sapat, talagang ibibenta niya ang ari-arian ng gobyerno. Pero sa ngayon naman po, hindi pa po kinakailangan dahil tayo naman po ay nagmamaneha ngayon. Medyo malaking hamon po talaga itong ayuda para sa third tranche para dito sa Metro Manila at mga karatig na probinsiya ng Metro Manila, pero hahanapan po natin ng paraan iyan.

USEC. IGNACIO: Second question po ni Kris: Agosto na po, marami pa pong hindi nakatatanggap ng ayuda. May maaasahan pa po ba ang mamamayanang Pilipino na second tranche ng SAP?

SEC. ROQUE: Well, kasama po iyan sa ating reporting kanina. Mahigit kalahati na po ng second tranche ay napamigay. Ang hinihingi lang po ng DSWD, hanggang mid-August para matapos iyong 100%.

USEC. IGNACIO: Opo. Iyong third question po ni Kris: Marami pong nagsasabi na malaking tulong ang anti-flu, anti-pneumonia vaccine para po maprotektahan ang mga mamamayan laban sa COVID-19. Kaya po ba ng pamahalaan na bigyan ng libreng anti-flu at anti-pneumonia vaccine ang taumbayan habang hinihintay ng lahat ang bakuna kontra COVID-19?

SEC. ROQUE: Ang alam ko naman po, malawakang available naman po ang anti-flu 'no at anti-pneumonia. Pero hindi po ako makakasagot kung ito po ay proteksiyon laban sa COVID dahil hindi po ako doktor. Itatanong ko po iyan sa tagapagsalita ng DOH, si Dra. Vergeire, at sa susunod nating press briefing ay ibibigay ko po ang sagot ng DOH tungkol diyan. Mahirap po akong magbigay ng medical advice dahil ako po ay abogado, hindi doktor.

Yes, balik po tayo kay Pia Rañada.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Hi, sir. Sir, just to ask about iyong call ng frontliners. Kasi may perception po ngayon na because the President accused them of wanting to mount a revolution against him [garbled] criticize the President or the government, you will be accused of mounting a revolution. So may impact, sir, on freedom of speech, people feeling that they might be, you know, suspected to oust the President.

So how does Malacañang then correct this perception especially since it appears that the President made this accusation without real solid basis because, of course, our frontliners are saying na they never naman made that call. So how do we correct this perception that may threat to freedom of speech, that people will be suspected of mounting a revolution just by criticizing?

SEC. ROQUE: Wala pong ganiyan; hindi po totoo iyang sinasabi ninyo. Ang katotohanan po, nagsalita ang health workers, binigay ni Presidente ang lahat na gusto ng health workers. At kung napapansin ninyo po, marami pang problema na kinakailangang bigyan ng solusyon, pero hiniling po ng ating mga bagong bayani, ibinigay po niya.

Mayroon po siyang hinanakit na hindi siya binigyan ng pagkakataon sumagot doon sa kaniyang ... sa liham na para sa kaniya, binalewala na po niya, ibinigay niya iyan. At iyong remarks niya tungkol sa nagnanais ng rebolusyon, hindi naman po directed talaga sa health workers iyan; directed po iyan sa mga kritiko na gumagawa ng mga hakbang na para bagang

humihimok. Wala pong nakukulong sa kanila. Hindi po style ni Presidente iyon, hindi niya ikukulong iyan.

Ang hamon niya doon sa mga kritiko na gustong magrebolusyon – ngayon na! Wala po iyang ... wala pong panunupil ng karapatan diyan. Wala ng drama, ang sabi Presidente, kung gusto ninyo ng rebolusyon, gawin ninyo na ngayon. So wala na pong karapatan na kinakailangang supilin dahil ang hamon niya, gawin ninyo na ngayon.

PIA RAÑADA/RAPPLER: So, sir, does Malacañang think that critical speech is already tantamount to wanting to mount a revolution? Kasi, sir, iyon iyong parang pinaparating ng statement ni Presidente, people perceived it that way. So, are you going to correct that perception?

SEC. ROQUE: Hindi po. Kayo lang po ang nag-iisip ng ganiyan. Ang sabi po ng Presidente ay malinaw: Iyong gustong magrebolusyon, magrebolusyon na. Hindi po naniniwala si Presidente sa chilling of rights. Ang sinasabi niya, kung gusto ninyo talagang patalsikin siya, gawin ninyo na ngayon. Wala nang padrama-drama, diretso na po. Iyan po ang hamon ni Presidente. Haharapin niya po kayo. Huwag na po kayong magdrama-drama diyan, diretso na! Iyan po ang sabi niya.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Sir, just to press on your point doon sa rapid test. So, sir, is the government saying that you are not going to listen to the frontliners who say na dapat wala na totally iyong rapid test because they're inaccurate, they miss more than 50% of the people who are still infectious? So how then will the government try to limit the spread if you still allow rapid test? Are you saying, sir, na kapag may rapid test kailangan din may PCR test? If so, wouldn't this be redundant and more expensive? Why not just focus all our funding on purely just PCR test?

SEC. ROQUE: Alam ninyo po kasi kahit kailan, hindi po sapat ang PCR for a population of 110. Siguro po kapag puwede na ang pooled testing, we can confidently say lahat na po ay PCR testing. Pero may gamit po iyang rapid test na iyan. Ang mga lokal na pamahalaan, kapag sila ay nagbigay ng rapid test, kinu-confirm nila ang mga positives through PCR.

Iyong mga IgG positive hinihiwalay na po nila iyan kasi hindi na sila infectious. Pero iyong mga nagni-negative pa rin eh pupuwede pa rin po iyang i-PCR test. So, it's an initial screening.

At saka hindi naman po si Atty. Danz ay nagsasalita for 100% of the medical profession. Iba't ibang bansa po gumamit po ng rapid test kits in conjunction with PCR at lahat po ng mga successful sa pag-contain ng COVID-19 kagaya ng Vietnam, kagaya ng South Korea, kagaya ng—pati bansang Japan dahil sila naman po ang nagma-manufacture ng mga rapid test kits; at ang Tsina ay gumamit din po niyan. Having said that, sinabi naman po ng Presidente walang debate na ang pinakamagaling na test po talaga ay ang PCR test. Pero kagaya ng lahat ng test, hindi rin po 100% na guaranteed ang PCR test. Marami pong nagpo-false positive at false negatives din po diyan sa PCR test kagaya ng rapid test kits. So, lahat po ng magagamit natin, gagamitin natin.

PIA RAÑADA/RAPPLER: How often does the President get PCR-tested for COVID-19?

SEC. ROQUE: Hanggang tatlo lang po tayong questions, sorry po hanggang three questions lang po.

USEC. IGNACIO: Secretary, tanong po mula kay Reina Tolentino ng Manila Times: Why did the government decide to re-impose MECQ and not ECQ?

SEC. ROQUE: Eh 'yan po ay compromise dahil talagang hindi na po natin kakayanin ang complete lockdown at ang importante naman po ay magbukas tayo ng kahit papaano ng ating ekonomiya. Pero by and large, this is still a lockdown, huwag po kayong magkakamali. Iyong mga binasa ko pong industriya, kakaunti lang po iyan, siguro hindi pa aabot sa 30% ng ekonomiya ang bukas ngayon.

So, I think it's a compromise. It is again reflecting the delicate balance between health and economy. At uulitin ko po, as we lockdown again, hindi pa po natin alam kung saan kukunin iyong ayuda para sa mga mamamayan na hindi po pupuwedeng magtrabaho. Ganoon po kasi ka-complex at controversial itong desisyon na ito. Ninanais naman natin na sabihin na ang ECQ talaga ang solusyon – at totoo po iyan talagang solusyon po iyan para matigil ang pagkalat ng sakit – pero kung wala naman pong ayuda, mamamatay naman po sa gutom ang mamamayan kung hindi sila mamamatay dahil sa COVID. So napakahirap po ng ganitong desisyon.

USEC. IGNACIO: Iyon question po ni Jo Montemayor, nasagot na po ninyo about doon sa tranche, another tranche ng SAP at iyong mga industriya sa panahon ng MECQ na ina-allow or suspended. Ang tanong po ni Genalyn Kabling: Are lotto operations still suspended during MECQ?

SEC. ROQUE: Siyempre po, suspended po iyan.

USEC. IGNACIO: Tanong po ni Rose Novenario ng Hataw: Pabor po ba ang Palasyo sa rekomendasyon ni AFP Chief of Staff General Gilbert Gapay na isama sa implementasyon ng Anti-Terror Law ang social media regulation? Kailan po magpapatupad ng regular free swab testing sa hanay naman po ng health workers, batay na rin sa panawagan ng Alliance of Health Workers?

SEC. ROQUE: Unang-una po, opinion po iyan ni General Gapay. Dahil binasa ko naman po ang Anti-Terror Law, wala pong probisyon doon na magagamit laban sa social media. Ang mayroon po diyan ay iyong ating cybercrimes law 'no, may probisyon po diyan, pero subject po iyan sa authority na ibibigay ng ating hukuman.

Tapos ang expanded testing for all health workers, napakatagal na pong binibigay iyan mula pa po noong buwan ng April. Kahit kailan po ay pupuwede silang makakuha ng libreng PCR test. At dahil napakadami na po nating testing labs, mahigit 90 na, siguro ang ospital nila mayroon na ring testing lab. Kung wala po, I'm sure mayroon pong malapit na ospital na mayroon nang PCR testing lab na malapit sa kanila.

Okay si Joseph Morong of GMA-7.

JOSEPH MORONG/GMA7: Sir, good morning. Pick-up-in ko lang iyong hindi ninyo sinagot na tanong kanina ni Pia. How often does the President get tested for COVID? When was the last time that he got tested?

SEC. ROQUE: Well, hindi ko po alam exactly. Pero kami po, ako, because I regularly see the President together with 4 or 5 other members of the Cabinet, I get tested every 14 days for COVID. And I am tested via rapid test kit every time I see the President.

JOSEPH MORONG/GMA7: My question is now focused on testing. You mentioned before the announcement of the MECQ that there is going to be big changes. Well, we are still waiting for the big changes. Are you referring to the mass testing because, sir, noong tayo ay nasa ECQ, MECQ, end of May 31, we shifted to GCQ on June 1 to 30. Would you say that when we shifted from MECQ to GCQ that we had enough testing capacity such as that we will know where the infections are coming from?

SEC. ROQUE: Well, alam po ninyo, ngayon lang tayo umabot. Ngayon po ang ating actual testing na ginagawa kung hindi po ako nagkakamali ay nasa 30,000 plus na, so na-meet na

po natin iyong ating target na magkaroon ng 30,000 actual tests being conducted. So dati po, hindi ganiyan kadami talaga ang ating actual testing na ginagawa. Tayo po ay nag-ECQ, nag-shift to MECQ, kakaunti pa lang po ang ating testing capacity. Pero ngayon po, dahil mataas na, mas magiging epektibo po tayo, kaya huwag din po kayong magtaka kung lalong tumaas ang numero ng mga positives kasi ibig sabihin lang niyan ay gumagana iyong ating istrategiya na mas maraming testing para mas marami tayong ma-isolate nang hindi na dapat kumalat ang sakit at mas malaki iyong tracing na gagawin natin.

At dahil ang tracing na sa model ni Mayor Magalong eh lahat iyong 30 to 37 na close contacts ay dapat i-subject din to PCR testing, mas marami talaga iyong actual testing na gagawin natin. Hindi po tayo titigil ngayon sa 30,000. Kung kakayanin po natin mas tumaas pa sa ating target, gagawin po natin iyan; at kaya nga po nagpa-pilot tayo ngayon ng pooled testing para sa PCR testing.

JOSEPH MORONG/GMA7: Sir, ibig sabihin we opened up our economy with maybe limited testing capacity? Meaning, noong time na iyon, pinakawalan natin iyong mga tao, some of them maybe asymptomatic, kaya mayroon tayong pagtaas ng mga cases? Now, that we are under MECQ again, would you say again that the tact of the government now is to conduct massive testing? Minensiyon [mentioned] na po ninyo iyan before and then si Secretary Vince. If you are doing that, iyong mechanic, sir, who's going to be tested, in what industries? Papaano makaka-avail iyong ordinaryong tao ng testing? And then you said that ipa-publicized iyong mga areas that have high cases. Would we have the list of the areas of concerns with COVID hotspots?

SEC. ROQUE: Well, medyo naging superfluous iyang publication ng localized lockdown kasi nag-MECQ na nga tayo. So, the whole Metro Manila is on lockdown. Pero iyong premise po na we will publicize the localized areas subject to granular lockdown is on the assumption na hindi naman magsasarado talaga ang Metro Manila, which did not happen because we are closed down.

Nonetheless, iyong intensified massive testing natin, ipatutupad pa rin doon sa mga barangays under hard lockdown. Dito nga po sa Quezon City kapag hard lockdown, nagpapadala ang gobyerno ng Quezon City ng sulat sa mga employers na hindi nila pinalalabas even for employment iyong mga nakatira sa areas for hard lockdown.

So, ano po ang mangyayari ngayon? Iyong mga areas na hard lockdown, kung pupuwede po halos lahat sila ay ipi-PCR testing natin. Bukod pa po doon, iyong mga close contacts, 30 to 37 na nadiskubre natin sa pamamagitan ng tracing, lahat po iyan ay masa-subject to PCR

testing. So ngayong mataas na po ang actual testing capacity natin, nati-test na po natin silang lahat.

Uulitin ko po, huwag po kayong magulat kung tataas talaga ang numero, ibig sabihin lang po niyan ay nagkaroon na tayo nang mas mabuting pamamaraan para mahanap kung nasaan iyong kalaban natin. Kapag alam na natin kung sino ang kalaban natin, ma-isolate natin, hindi na sila makakasama. Malalaman natin kung sino ang nakahalubilo nila at iti-test din natin iyong mga nakahalubilo nila. At dahil nga marami sa mga kababayan natin lalo na iyong mga mahihirap ay walang sariling kuwarto at banyo, lalakihan pa natin at dadamihan pa natin iyong ating mga isolation centers. Sa ganitong paraan ninanais natin na mas mapahaba iyong case doubling rate na tinatawag para sana, pagkatapos ng two weeks sa MECQ, pupuwede na tayong mag-MGCQ sa Metro Manila at mapababa po iyong ating tinatawag na Ro (pronounced as R naught) to below 1.

JOSEPH MORONG/GMA7: Sir, just a comment doon sa PhilHealth. May statement nga daw, sir, sa Senate hearing na by 2022 possibly eh mawala na iyong PhilHealth because mara—you can't hear it? I can repeat.

Sir, sa PhilHealth there is a Senate hearing—

SEC. ROQUE: Yes, okay. I can answer that bilang author ng—

JOSEPH MORONG/GMA7: Did you hear it?

SEC. ROQUE: Yes. As author of the Universal Health Care, we never even for one minute considered that the survival of PhilHealth will solely be by reason of premiums. Alam po namin hindi makakamit ang libreng gamot at libreng pagamot kung premiums lang ang panggagalingan ng gagastusin ng PhilHealth.

Talagang kung maubos po ang pera ng PhilHealth, gobyerno po ang magbibigay ng pondo kaya nga po ang tawag diyan Universal Health Care, hindi medical insurance.

Next question from USec. Rocky, please.

USEC. IGNACIO: Secretary, tanong po mula kay Francis Wakefield: Now that MECQ has been declared over Metro Manila, Bulacan, Rizal, Cavite and Laguna, are we going to see soldiers and policemen to enforce quarantine rules para po mapigilan ang paglabas ng mga tao specially po sa mga informal settlers community o iyong mga taga-neighborhood—

SEC. ROQUE: Back to normal po tayo—

USEC. IGNACIO: Marami daw po kasi doon ang hindi sumusunod?

Yes, Secretary?

SEC. ROQUE: Okay, back to lockdown po tayo. So, asahan ninyo po ang pulis at ang Hukbong Sandatahan ay magpapatupad po ng lockdown sa iba-ibang komunidad lalung-lalo na doon sa mga granular at localized hard lockdowns.

USEC. IGNACIO: Second question po ni Francis: Reaction sa SWS survey stating na maraming Pilipino ang bukas sa paggamit ng nuclear energy.

SEC. ROQUE: Well, hindi ko pa po nakikita iyang survey na iyan. I take it on its face value ano, kung marami ang naniniwala sa kanila ‘no, pero ... titingnan po natin dahil ngayon naman po ang polisiya talaga ng gobyerno ay magbigay ng incentives para sa renewable energy sources.

USEC. IGNACIO: Ang third question po niya: Reaction ninyo po sa sinabi ni Sen. Gordon na hindi priority ang pagsulong sa death penalty despite the call from President Duterte to revive as part of government’s war against illegal drug traders. Sabi po ni Sen. Gordon, dapat daw po mag-focus sa problema. Maraming may death penalty pero may krimen pa rin daw po.

SEC. ROQUE: Since 2016, administration priority na po ang death penalty. Iyon lang po ang masasabi ko and this has been a campaign promise of the President. **Whether it** will be enacted into law, bahala na po si Sen. Gordon at kaniyang mga kasama dahil katungkulan po iyan ng ating Kongreso.

USEC. IGNACIO: Tanong po ni Henry Uri ng DZRH: Ayon po sa statement kahapon ng Philippine College of Physician, April pa sila sumulat sa DOH at IATF para iparating sa gobyerno ang kahilingan ng mga frontliners pero lumipas po ang tatlong buwan walang aksyon dito.

SEC. ROQUE: Henry, hindi totoo iyan – nasagot ko na. Sumulat ang PCP sa DOH at sumagot naman po ang DOH sa pamamagitan ng issuance ng department memorandum. At inuulit ko po, kung ang nais po nila ay timeout, wala naman pong ganoong sulat na dumating din sa

DOH at kung ano man ang naging problema nila; sa tingin nila ay hindi nakikinig ang DOH, dapat po ipinarating po nila sa tanggapan ng ating Presidente.

At inuulit ko po sa buong sambayanang Pilipino: Kung sa tingin ninyo ay hindi napapakinggan ang inyong mga reklamo, dumiretso po kayo sa ating Presidente – sumulat kayo, mag-e-mail. Kung gusto ninyo po, ipadaan ninyo sa akin para mayroon pang extra record kung na-receive po ng Office of the President. At marami naman po ang nagpadala na sa akin ng reklamo na hindi po nabigo dahil naaksyunan kaagad.

USEC. IGNACIO: Opo. Basahin ko na lang iyong second question niya, Secretary: Alam po ba ng Pangulo o nakarating ba sa kaniya since April na may ganito palang sulat na April pa ipinadala ng mga doktor at nurses at bakit hindi po daw ito naaksyunan?

Ang susunod pong tanong—

SEC. ROQUE: Well, inaksyunan nga po ng DOH. Binasa ko na po iyong mga Department memos na inisyu ng DOH bilang sagot doon sa mga kahilingan ng mga doctor. Pero dito sa timeout po, makikita ninyo talagang ibinigay po ng Presidente sa kanila despite the fact na marami pang hindi tayong nahahanapan ng solusyon as a consequence of the lockdown.

Pinakikinggan po ng Presidente ang mga frontliners. Ulitin ko po ang sinabi niya, itong giyera pong ito, laban sa sakit. Ang kaniyang mga sundalo ay mga doktor, nurses at iyong allied health professionals. So, kung anong gusto nila, ibibigay niya kaagad.

USEC. IGNACIO: Opo. Tanong po ni Kenneth Paciente ng PTV, nasagot na po ni Mayor Joy Belmonte po ito. Tanong po ni Arianne Merez ng ABS-CBN. Ang tanong po niya ay doon daw po sa previous briefing you said that MECQ in Metro Manila was the initial recommendation to the President but he heeded the call for a GCQ. Was the President wrong to place Metro Manila under GCQ last August 1st?

SEC. ROQUE: Hindi po. Nasa datos po iyan, na ang datos po kung saan nagkaroon ng recommendation na MECQ ay hindi naman po completely accurate dahil lumalabas doon na iyong critical care capacity natin ay nasa dangerous level samantalang nakabase lang po iyan sa 20% at saka sa 30% COVID bed allocation. So, kung itataas po iyan sa 50 at 30 respectively for public and private, hindi po dangerous levels ang ating mga ospital.

USEC. IGNACIO: Second question po ni Arianne Merez: President Donald Trump is threatening to ban TikTok in the US due to security issues involving China. India has banned

the app also. Does the Philippine government have any concerns over the use of TikTok here in the country?

SEC. ROQUE: Wala pong ganoon. Sa mga nagsasabing nanunupil si Presidente ng karapatan ng malayang pananalita, wala pong kahit anong website na bina-ban ang Presidente at wala po akong dahilan na nakikita para i-ban ang TikTok dito sa Pilipinas.

USEC. IGNACIO: Question from Jopel Pelenio of DWIZ: Kailan po matatapos ang three-day deadline na ibinigay ni Pangulong Duterte sa mga LGUs na hindi po sakop ng MECQ para raw po aksyunan ang mga applications for improvement ng mga telecommunications company? Sakali pong mabigo ang mga LGU na aktuhan ang applications ng mga telecom, ano po ang parusang posible nilang kaharapin?

SEC. ROQUE: That expires on Wednesday because the order took effect Monday. So, 72 hours is three days kung hindi ako nagkakamali. But in any case, ang sabi po ng Presidente, gagamitin niya ang administrative proceedings either suspension or removal from office ng mga miyembro ng konseho na inuupuan ang mga application ng telecoms companies.

USEC. IGNACIO: Opo. Mayroon pa kayong apat na tanong dito, Secretary. Ano po ang [garbled] Ano po ang panuntunan sa pagbabayad ng utilities at loans? Magkano po ba ulit ang adjustment or another grace period para po sa pagbabayad ng utilities at iba pang bayarin since marami na naman po ang tigil trabaho?

SEC. ROQUE: Wala po. Unfortunately, kinakailangan ng bagong batas para diyan.

USEC. IGNACIO: Tanong po ni Virgil Lopez ng GMA News Online: Defense Secretary Lorenzana said that President Duterte has ordered the Philippine Navy not to participate in joint maritime drills in the South China Sea. Can the Palace confirm this? If yes, what prompted the President to make such decision?

SEC. ROQUE: Well, dati na pong polisiya ng Presidente iyan. Sa kaniyang independiyenteng panlabas na relasyon, kaibigan natin ang lahat, wala tayong kaaway. Ang sabi lang ni Presidente, kung ang ilang mga gawain ng mga superpowers **na iyon** ay magreresulta sa mas matinding tension, iwas tayo sa mga ganiyang hakbang.

USEC. IGNACIO: Last two questions, Secretary. Ang tanong po ni Einjhel Ronquillo from DZXL/RMN, kapareho po ng tanong ni Jo Montemayor ng Malaya: Nais po ni Hatid Tulong

convenor ASec. Encabo na mai-exempt sa travel ban ang mga LSIs para po makabalik ang mga ito sa kanilang probinsiya. Pagbibigyan po ba ito ng IATF?

SEC. ROQUE: Tagapagsalita lang po ako ng IATF at miyembro. Tatalakayin po iyan ng IATF.

USEC. IGNACIO: Last question po mula kay Vanz Fernandez ng DZRJ: Sinabi po ni Sen. Leila de Lima, what a heartless leader daw po si Pangulong Rodrigo Duterte dahil sa sinabi niya laban sa mga medical workers **na** concern lang nila ang pangalagaan ang kalusugan sa gitna ng tugon ng gobyerno sa coronavirus pandemic. Ano po ang reaksiyon ninyo dito?

SEC. ROQUE: Wala lang po sigurong magawa si Senator Leila de Lima sa kaniyang selda.

USEC. IGNACIO: Okay. Ito po ang ating mga tanong na nakuha.

SEC. ROQUE: Okay. Maraming salamat sa inyong lahat. Time's up! Nagpapasalamat po kami kay Mayor Joy Belmonte, kay Sec. Dar ng Department of Agriculture at kay Sec. De La Peña ng Department of Science and Technology.

Nagpapasalamat kami sa mga miyembro ng Malacañang Press Corps, kay USec. Rocky at kay Kuya Willie Revillame for the use of his studio. Salamat din po sa skeleton staff ng PTV 4 that allowed us to broadcast today. Salamat din po sa ilang staff ng GMA that collaborated with PTV 4 for our broadcast today.

So, natapos na naman po ang ating press briefing para sa araw na ito despite COVID-19. Ang inaasahan po namin na sana sa lalong mabilis na panahon ay makabalik na kami sa aming lungga diyan sa NEB.

Pero ang ating patuloy na mensahe, kinakailangan patuloy po ang ating mga pang-araw-araw na buhay dahil tatagal pa po itong COVID-19. Ingatan po natin ang kalusugan, ingatan po natin ang ating buhay para tayo po lahat ay makapaghanapbuhay.

Sa ngalan po ng inyong Presidente Rodrigo Roa Duterte, ito po ang inyong Spox na nagsasabing: Magandang hapon and, Philippines, kaya natin ito. We will beat COVID-19.

Magandang hapon sa inyong lahat.

###

